# 1

Biglang napabangon si Melissa. Napatingin siya sa alarm clock. Nalimutan niya pala iyong i-set nang nakaraang gabi. Mabuti na lang at maaga pa rin siyang nagising. Kakasikat pa lang ng araw sa Silangan.

Habang naliligo, pilit niyang binabalikan sa isip ang napanaginipan. Isang lalaki ang nagpahayag ng pag-ibig sa kanya sa gitna ng isang kagubatan. Natatandaan niya ang mahahalagang pangyayari sa mga panaginip ngunit tulad ng dati hindi niya rin alam kung ano ang kahulugan ng kakaiba niyang panaginip kanina.

*Napakaganda n'ong lugar. At sino kaya ang lalaking iyon?* naitanong niya sa isip. Sa kaibuturan ng puso niya ay pinapangarap din niya ang magkaroon ng happy ending kasama ang lalaking mamahalin niya.

Limang buwan na ring nakikipagsapalaran si Melissa Carbonel sa Maynila. Tapos siya ng kursong BS Accountancy sa *University of Baguio*. Nais niyang makapagtrabaho muna bago kumuha ng CPA Licensure Examination para may pangtustos siya roon. Nahihiya na kasi siya sa tiyahin na siyang

nagtaguyod ng kanyang pag-aaral sa kolehiyo. Ito na rin ang tumayong magulang niya simula noong magkaroon ng kani-kanyang pamilya ang nanay at tatay niya. Hindi niya maisip kung bakit nagkaganoon ang kanyang pamilya. Ipinagpapasalamat na lang niyang mayroon siyang mapagkalingang tiyahin na si Mira.

Dali-dali siyang nag-ayos. Eksaktong ika-siyam ng umaga, narating ni Melissa ang *Allied Bank Center* sa Ayala, Makati. Marami na agad ang naroong aplikante kaya mahaba na ang pila. Karamihan sa mga iyon ay katulad niya na for interview na, may iba namang for exam. Tinawag din siya pagkalipas ng isang oras.

Gaano pa man kaganda ang credentials niya, tinapat siya ng HRD head na mas preferred ng mga ito ang aplikanteng may working experience kaysa sa tulad niyang fresh graduate.

Habang palabas ng gusali, napag-isip ni Melissa na mabuti na rin iyong naging matapat sa kanya ang HRD head at hindi tulad noong iba na nagbibitiw ng mga hungkag na pangako. Tanghali na rin kaya naisipan na niyang kumain sa isang fastfood restaurant sa *Glorietta*.

"Melissa!" narinig niyang tawag sa kanya ng isang tinig nang naglalakad siya patungo sa kainan.

Paglingon niya, nakita niya ang isang taong apat na taon na niyang hindi nakikita—ang kanyang kaibigan na si Carla Coral.

Nagulat siya sa nakitang ayos nito. Masyado na itong moderno at sopistikada. Naalala niya tuloy na manang itong mag-ayos noong highschool sila. Nagkahiwalay sila noong sa Maynila ito nagkolehiyo. B.S. Tourism ang kinuha nito kaya kahit bakasyon ay hindi sila minsan man na nagkita dahil kung saan-saan ito napapadpad.

"Uy, Melissa! Bakit parang nakakita ka ng artista diyan. Si Carla pa rin ito," natatawang sambit nito.

"Loka-loka ka pa rin," ganting bati niya sabay yakap dito.

"Nagulat ka sa nakita mo, ano? Ikaw, wala ka pa ring pinagbago, maganda, pero conservative pa rin. Kumusta ka na? Saan ka na nagtatrabaho o nagre-review ka ba?" sunud-sunod na tanong nito habang hinihila siya papasok sa fastfood restaurant. Iti-treat siya nito umano bilang pagdiriwang ng muli nilang pagkikita.

Napatawa siya. "Carla, isa-isa lang! Una, hindi pa ako nagtatrabaho, naghahanap pa lang. Mga limang buwan na akong paikut-ikot dito sa Metro Manila. Kailangan ko kasi munang magbanat ng buto para

may pangtustos ako sa aking review," sagot niya.

"Naman, naman. Napakaresponsable mo pa rin," kantyaw ni Carla. "On second thought, magtataka ako kung ikaw nga ang kaibigan ko kung hindi ka ganyan."

"Hindi naman ako gan'on karesponsable, kailangan lang talaga. Nakakahiya na rin kasi kay Tiyang, ayoko nang maging pabigat pa sa kanilang pamilya. Kailangan ko na talagang makahanap ng trabaho bago maubos ang savings ko," paliwanag niya.

Working student si Melissa noong college kahit mayroon siyang allowance galing sa tita niya at sa scholarship niya sa paaralan. Nag-ipon na siya noon dahil alam niyang hindi biro ang mga gastusin na haharapin niya sa paghahanap ng mapapasukan katulad nga ng nangyayari sa kanya ngayon.

"Ikaw naman, kumusta ka na? Para ka na talagang artista ngayon, ah!" aniya habang magkasalo silang kumakain ng tanghalian.

Kahit matagal silang hindi nagkita nito ay parang walang nagbago. Sanay na sila sa kantyawan nila kaya noong nasa sekondarya sila, sila ang mas naging malapit sa barkada. Pareho raw silang masayahin kahit sa harap ng mga pagsubok.

"'Eto, mukhang okay na okay, pero hindi pa rin gan'on kaayos. Nagsisimula pa rin lang ako. Sabi nga, I'm still trying to find my place under the sun habang pinagbubuti ko ang trabaho ko sa travel agency," sagot ni Carla.

Masaya siya para sa kaibigan. Mukhang gamay na gamay na nito ang pamumuhay sa Manila. Siyudad din naman ang Baguio subalit iba pa rin dito dahil mas mabilis ang takbo ng buhay.

"So, saan ka tumutuloy?" tanong ni Carla mayamaya. Alam nitong wala siyang mga kamag-anak dito sa Maynila.

"Sa España. Boarding house 'yun. Pinagtitiyagaan ko muna kahit na marami kami doon kasi mababait naman ang mga kasama ko."

"Mag-isa lang ako sa apartment ko sa Makati. Nasanay na akong mag-isa, pero ngayong nakita na kita, parang gusto ko nang may kasama. Natapos na naming bayaran iyon kaya akin na. O ano, gusto mong lumipat?" tanong ng kaibigan.

Hindi kaagad nakasagot si Melissa. Nagulat siya dahil magkaedad lamang sila, pero may sarili na itong bahay. May naipundar na ito, sa tulong na rin marahil ng mga magulang nito. Marami na talagang nangyari sa loob ng mga taong lumipas na hindi sila

nagkabalitaan.

"You can move out pag malayo sa magiging trabaho mo ang bahay ko. Please, lumipat ka na. Na-miss lang kita masyado, hindi kasya ang isang araw sa sobrang dami ng idadaldal ko," pangungumbinsi pa ng kaibigan sa kanya.

"O, sige na nga. Hanggang katapusan na rin lang ang bayad ko d'on kaya sa iyo na ako magbabayad para makatulong din ako sa mga gastusin mo sa bahay," saad ni Melissa.

Napagkasunduan nila na sa oras na makapagtrabaho na siya ay saka na lang siya magbabayad ng upa sa kaibigan. Nakakahiya man ay tinanggap na rin niya ang pagmamagandang-loob nito. Iyon na yata ang tulong na hinihintay niya. Sadyang mabait ang Maykapal sa kanya.

Kinabukasan, nakapaglipat na rin siya. Bagong bahay, bagong buhay ngunit ganoon pa rin ang layunin niya: ang makapagtrabaho na.

"O PARE, when's the big day?"

Umagang-umaga, iyon agad ang bati kay Darren ng bestfriend niyang si Ryan Castillo.

General Manager ito ng kompanyang pag-aari

ng mga magulang nito. Hindi lang dahil sa pareho silang may mataas na katungkulan sa kani-kanyang mga kompanya, kaya sila magkaibigan, kundi talagang magkasundo sila at mataas ang respeto nila sa isa't isa. Marami na rin silang pinagdaanan simula pa noong una silang nagkakilala noong sekondarya. Iisa rin ang pinasukan nila noong kolehiyo at pareho pa sila ng kursong B.S. Business Administration. Sabay din silang kumuha ng masteral degree sa *Harvard University* kaya masasabing kilalang-kilala na nga nila ang bawat isa.

"Bakit nandito ka? Hindi ka pa rin ba makapaniwala that I'm already engaged to be married to Trixie?" aniya. Nakadalo ito sa engagement party nila kagabi kaya alam niyang nang-aasar lang ito.

"Darren, masaya ako para sa inyo ni Trixie. Finally, mababawasan na ang mga karibal ko sa attention ng mga babae. Selosa ang fiancée mo kaya siguradong hindi ka makakagawa ng kalokohan sa oras na makasal kayo," mahabang litanya nito.

"In two month's time, pare, kasal na namin ni Trixie. December talaga ang target ko para sa Pasko, bagong kasal kami. Ang saya noon kaya hindi ako maiinggit sa iyo, maging iyo man ang buong populasyon ni Eba," sakay ni Darren sa pang-aasar nito.

"Kung gan'on, kailangan ko nang maihanda ang stag party mo sa lalong madaling panahon." Nang akmang magrereklamo siya, pinutol kaagad siya nito, "At hindi ka puwedeng tumanggi sa party na ito. It's gonna be different, you'll see, since your bachelor days are numbered, man."

"It ended a long time ago, pare. Simula noong maging kami ni Trixie, parang naging buhay may-asawa na ako. I'm dead serious about her so I've never been with any other woman seriously or otherwise."

His friend shrugged his shoulders. "Fine, I got your point. But the stag party will push through. Ayaw ko lang na magsisi ka at hindi mo ito pinagdaanan. It's a tradition and we'll just have fun. Consider it as the final test of your so-called 'fidelity'," natatawang pamamaalam nito.

Sigurado si Darren na magdadala ang kaibigan ng mga naggagandahang babae sa party na iyon, pero kampante siyang wala nang iba pa ang makakakuha ng kanyang pansin. Nagbago na siya. He was a changed man and it was all because of his fiancée.

PATINGIN-TINGIN si Melissa sa mga classified

ads sa diyaryo. Noong nasa kolehiyo pa lang siya, inaasam na niyang magtapos na kaagad dahil sabik na siyang makapagtrabaho. Hindi niya akalaing ganito pala kahirap maghanap ng mapapasukan sa dami na rin ng mga katulad niyang aplikante. Mayroon na siyang tatlong kompanyang pupuntahan bukas, pero binuksan pa rin niya ang kanyang e-mail account. Marami na rin siyang resumé na pinadala online, pero wala pa ring positibong tugon. Mabuti na lang at may internet connection ang computer ni Carla sa bahay. Bawas din ang renta niyon sa mga gastusin niya.

"Hi, Melissa!" bati ni Carla sa kaibigan nang pumasok sa bahay nila. Kagagaling lang nito mula sa Boracay. Sa tantya niya, masaya talaga ang trabaho nito dahil kung saan-saan ito nakakarating.

"Pasalubong ko?" ganting bati niya.

"Hindi ko nakalimutan. Ikaw pa, malakas ka sa akin, eh. Kumusta ang job hunting natin diyan?" tanong nito habang tila pagod na pagod na ibinagsak ang maleta sa sahig at naupo sa katapat niyang sofa.

"May pupuntahan ako bukas, sana magkaroon ng positibong resulta. Optomistic ako na may nakalaan din para sa akin."

"Makakahanap ka rin," sabi nito sabay buklat

din ng mga diyaryong nakakalat sa mesa.

"Oh, my God! He's getting married! I can't believe this. She's so lucky," nakakagulat na bulalas ni Carla na nagpalingon kay Melissa.

"Who's getting married? Prince William?" buska niya sa masyadong malakas na pagtili nito.

Umirap lang ito. "Palibhasa hindi ka pa nagkakaroon ng romantic involvement kaya walang epekto sa iyo ang mga engagements, lalo na ang kasalan," anito sa tonong hindi pa rin nawawala ang pagkabigla sa nabasa. Itinuloy nito ang pagbabasa ng pahayagan.

"Mr. Darren Vergara is really getting married! How could he be serious this time? And with her?" Lalong nagpatawa kay Melissa ang reaksyon ng kaibigan, dahil halatang inis ito sa kung sino mang babaeng pakakasalan ng binanggit nitong pangalan.

"Mr. Vergara who? Akala ko pa naman, mas nakakakilig pa iyan kay Prince William; nobody naman pala." Ayaw pa rin niyang tigilan ang nasimulang pang-aalaska sa kaibigan.

"For your information, he is someone super handsome, rich, famous and important. Ewan ko ba sa iyo at hindi mo siya kilala. Umaabot naman ang diyaryo sa Baguio, di ba at may reception naman

ng TV doon kaya malabo na hindi mo pa narinig kahit pangalan niya. Sikat kaya sila ng pamilya niya pagdating sa canning business. Anyway, hindi pa rin ako makapaniwalang he's really getting married. Pinangatawanan na niya ang bansag sa kanya ng marami na 'The Reformed Playboy'. End of the world na para sa mga nag-iilusyon pa."

"At isa ka sa mga nagluluksa, ganoon ba?" susog ni Melissa.

"Ah, hindi naman. I have my eyes set on somebody else. It's just that this news is too good to be true. Take a look at him," sabi nito sabay abot sa kanya ng society page na naglalaman ng balita tungkol sa naganap na engagement party.

Sumalubong sa kanyang paningin ang mukhang magpapaaliwalas ng araw ng sinumang makakakita niyon, mga matang mapanghalina at labing nangangako ng walang kapantay na saya. Inaasahan na niyang ganito ito kaguwapo, knowing Carla and her taste. Ang ikinagulat niya ay ang naging epekto ng larawan sa kanya. Marami na siyang nakitang guwapo ngunit tanging ang lalaking nasa larawan lang ang nagdulot sa kanya ng kakaibang pakiramdam na hindi niya mawari. Subalit ayaw niyang aminin iyon sa kaibigan kaya…

"Okay lang siya. There's nothing extraordinary

about his features," malumanay niyang pagsasalarawan.

"Aminin mo, nabatu-balani ka," kontra ng kanyang kaibigan. "Kung akala mong hindi ko napansing nag-blush ka habang nakatingin sa larawan niya, nagkakamali ka." Hindi siya nakapagsalita para idepensa ang sarili dahil muling nag-init ang mga pisngi niya. "Grabe ang lakas talaga ng sex appeal ni Darren, napag-blush niya ang kaibigan kong Snow Queen." Ito naman ang namumuro sa pang-aalaska sa kanya.

"Exaggerated ka. Hindi ko naman sinabing wala siyang dating, pero hindi ko rin sinabing pasado siya sa taste ko, 'no!" aniya.

"Hay naku, sige na nga. Kunwari, nakuha ko ang punto mo na hindi siya ang ideal man mo…" Ibinitin nito sa sinasabi. Akala niya tapos na sila sa topic na iyon subalit narinig niya ang sumunod na sinabi nito. "Wala ka na ring magagawa kahit pa magbago ang isip mo at aminin mong type mo siya dahil hindi na siya available!" natatawang huling banat nito, kasunod ng pagtakbo paakyat sa silid nito bago pa siya makasagot.

Naiwang naiiling si Melissa. Maloko talaga ang kaibigan niya, pero tama ito. Ganoon sila palagi kapag ang pinag-uusapan ay mga lalaki. Hanga rin siya sa

kaibigan, dahil kaya nitong pagsabayin ang career at love life. Pahapyaw na rin nitong naikuwento sa kanya ang minamahal na kasintahan. Para naman sa kanya, darating din ang tamang panahon para sa pag-ibig. Wika nga, 'everything in God's perfect time'.

Mas importante sa ngayon ay ang makapaghanap siya ng trabaho at maging stable ang pamumuhay.

At kung anuman iyong munting pagtibok ng puso niya kanina habang nakatitig sa larawan ng Darren Vergara na iyon, kailangan na niyang ibaon sa limot. Una, dahil pag-aari na ito ng iba. Pangalawa, magkaiba sila ng mundong ginagalawan. At pangatlo, may mga pangarap pa siyang nais matupad.

*I really should keep my mind clear, my actions in check and my heart on guard*, aniya sa sarili.

# 2

"I haven't organized your stag party yet. Medyo busy lang these past few days but I'm getting there," bati kay Darren ni Ryan isang araw ng Linggo na nasa *Tagaytay Highlands* sila para maglaro ng golf.

"Knock it off, Ry," ganting bati niya sa kaibigan habang inumpisahan nila ang laro.

"No way, man! I have waited for this for so long. My only problem now is where to find the girls to liven up the party. I know that you wouldn't be entertained by the women I have been with." Pilyong-pilyo ito sa pagkakangiti.

"You wouldn't give up, would you? We can have fun by ourselves alone and without them, pare," tugon niya.

"All right. If in three days time, I haven't found anybody who could spice up the party for us, then I'll give up on this 'women' thing. Ikaw na nga ang binibigyan ng pre-wedding surprises hindi ka pa maging supportive. You know what, pare, may bridal shower din naman si Trixie, di ba? Who knows, baka bigyan din siya ng mga socialite friends niya

ng macho dancer, eh di, quits lang."

"You're wrong, bro. She's not having a bridal shower. Her family will just hold a simple lunch for her and her girl friends. No boys invited," pagtatama niya.

"Wait a minute. What's the big deal about inviting women on your stag party?" tanong nito.

"None but from the way I look at you, parang you're silently hoping that I make out with these women at the party, eh. Don't get your hopes up, pare. I won't be tempted if that's what you're counting on," seryosong pahayag ni Darren.

"Ouch!" Nagkunwari itong nasaktan. "Ang sakit naman ng paratang mo. I just want you to have fun before the big day, I know Trixie wouldn't mind. Besides, they'll be there to entertain all of us and not you, exclusively," paliwanag pa nito.

Napailing siya sa kakulitan ng kaibigan. "Para matapos na ito, I give you the green light. Go on with what you have in mind. Kahit palikero ka, alam ko namang you have my best interest in mind," sang-ayon na lang niya para matapos na ang usapang iyon.

"At paalala lang, pare, magbagong-buhay ka na

rin bago ka pa makahanap na katapat mo," pahabol ni Darren bago sila nagsimula ng laro.

*MEL, where are you? Can we meet up in Glorietta around lunch time?*

Text message iyon na natanggap ni Melissa galing kay Carla. Tamang-tama at katatapos lang ng examination niya sa isang kompanyang in-apply-an niya. Tatawagan na lang umano siya niyon para sa resulta. Binaybay na niya agad ang daan patungo sa meeting place nila ng kaibigan.

"Melissa, over here!" mayamaya ay tawag sa kanya pagkapasok pa lang niya sa kainan.

"Wala ka na bang pasok?" tanong niya. Kadalasan kasing wala sa oras ang trabaho nito.

"Meron pa, kaya lang hindi na makakapaghintay ang sasabihin ko. I don't how you'll take this but please remember, I have good intentions in coming up with this, in the first place," mahabang sagot nito na nagpakaba sa kanya.

"Ano ba iyon? Promise, I won't take it against you. Sabihin mo na, kinakabahan na tuloy ako," pagbibigay-assurance niya.

"Okay, bibigyan muna kita ng overview. I was just starting in the traveling agency when I happen to handle the account of this really big company. Nakakagulat nga kasi iyong general manager mismo nila ang nakakausap ko sa mga transactions ng agency sa company nila. Ganoon siya ka hands-on sa mga activities nila. Naging maganda ang partnership namin dahil na rin sa maraming trips, out-of-town, conventions nila na ang agency ang humahawak. Then, just yesterday, nilapitan niya ako asking for a different favor. Hindi na ito saklaw ng agency. Personal favor, kumbaga. He is organizing a party for a dear friend and he is running out of time finding performers kaya nagpatulong siya sa akin. I thought baka gusto mo, sideline kumbaga habang wala ka pang regular work. Isang gabi lang naman," paliwanag nito. Hindi siya kaagad nakasagot. "You can sing well kaya naisip kita. Matino itong kausap ko at respetado rin ang kaibigan niya. Hindi niya binanggit ang name but I trust his word. Kayang-kaya mong pasayahin ang party na iyon," patuloy nito. Sinabi nito ang halagang ibabayad sa kanya para roon.

"Kaya ko kayang mag-entertain? Baka hindi ako makakanta nang maayos pag kinabahan ako. Hindi pa naman ako gan'on ka-confident kapag hindi ko

kilala ang mga nanonood. Sabihin mo na lang sa contact mo na huwag mag-expect ng professional na performance, ha,"  sagot ni Melissa.

"So, pumapayag ka na?" paglilinaw ni Carla.

Ang totoo, medyo nag-aalangan pa siya. Kaya lang nanghihinayang siya sa kikitain niya. Nahihiya na siya sa kaibigan sa pagpapatira nito at wala man lang siyang maitulong sa gastusin sa bahay dahil nga wala pa siyang trabaho. May tiwala rin siya sa judgement ni Carla sa sinasabi nitong naghahanap ng performer.

"Kailan ba iyan? Kailangan ko ring maghanda para hindi ka naman mapahiya sa kausap mo," aniya.

"This weekend na. Anyway, may dalawa ka pang makakasama kaya huwag kang kakabahan. Huwag ka ring magpapatalbog d'on sa dalawa, ha! 'Eto nga pala ang address ng pupuntahan mo." Inabot nito sa kanya ang isang pirasong papel.

"Nakakatawa naman. Hindi ko naisip na ito ang una kong magiging trabaho dito sa Maynila. Sana pagkatapos nito, seryosong trabaho na ang dumating sa akin. Pero salamat na rin at mapapakinabangan ko pala ang talent ko," napangiting saad ni Melissa.

"Correct ka diyan, friend! Malay mo, this might

be the beginning of good things to come. Don't worry, maraming hawak na kompanya si Mr. Castillo. I'll try to recommend you at baka siya mismo ang mag-alok sa iyo ng trabaho kapag nasiyahan sila sa performance mo."

Nagkatuwaan sila at tuluyan nang naglaho ang kanyang agam-agam.

"NAGPAPATAWA ba iyang si Mr. Castillo, Carla?" nagtatapang-tapangan ngunit kinakabahang tanong ni Melissa habang kausap sa telepono ang kaibigan.

Hawak-hawak niya ang isang red sexy outfit na inabot sa kanya pagdating sa pagdarausan ng party. At noon lang niya nalaman na stag party pala iyon! Bigla siyang nagsisi na pumayag siya sa trabahong iyon.

"Hindi ko kayang magsuot nito, masyadong kulang sa tela. Kitang-kita na ang kaluluwa ko dito," reklamo niya habang sinusuri ang damit.

Panay naman ang hingi ng paumanhin ni Carla. Hindi rin umano nito alam na ganito pala ang mangyayari. Sa tingin niya, hindi nito naintindihan ang talagang hinihiling na tulong ng kliyente nito. Para hindi ito mag-alala, hindi na lang niya

binanggit na stag party iyon at ibang entertainment ang inaasahan mula sa kanya roon.

“Naguguluhan din ako, Melissa, pero nakatango na tayo. Huwag kang mag-alala, isipin mo na lang na costume iyan at ngayong gabi hindi ka si Sister Melissa kundi si Sultry Sexy Singer Melissa. Hindi ka naman siguro babastusin ng mga tao diyan. Kilala ko si Mr. Castillo, mabait iyon. Please huwag ka nang mag-back out,” pakiusap nito.

Naalala niya ang mga ginawang kabutihan ng dalaga sa kanya. Walang pagdadalawang-isip nitong inalok na roon siya tumira sa apartment nito para makatipid sa gastusin. Ayaw din niyang masira ang ugnayan ng agency na pinapasukan nito sa kompanya ni Mr. Castillo, na siyang malamang na mangyari kapag umatras siya ngayon.

Ipinalangin na lang niyang walang mangyaring masama sa kanya sa gabing iyon. Pinaalala rin niya sa sarili na kakanta lang siya roon. Period.

“Bagay naman sa iyo ang red, lalong lilitaw ang maputi mong complexion. Kailangan mo nang masanay dahil baka hindi pagiging CPA ang nakalaan para sa iyo kundi baka pagiging isang singer talaga. At least pag nagkataon, sanay ka na sa ganyang outfits,” pagpapatawa nito para pumayag na siya.

"Mukhang wala na nga akong magagawa. Natanggap na natin ang bayad," sang-ayon na rin ni Melissa.

"Good luck, friend!" huling sinabi ni Carla bago tinapos ang pag-uusap nilang iyon.

Pakiramdam ni Melissa ay bibitayin na siya. Maaga siyang dumating sa townhouse na iyon sa Mandaluyong. Sinadya niya iyon para maging komportable muna siya sa lugar at para may panahon pa siyang pag-aralan ang mga taong paisa-isang dumadating. Maganda ang kinaroroonan ng townhouse at ang bahay mismo ay napakagara.

Mukhang may sinabi nga talaga ang contact ni Carla. Suot na niya ang kanyang outfit, pinatungan niya lang muna ito ng black na trench coat na dala niya talaga dahil kasama iyon sa orihinal niya sanang suot kapag nag-perform. Pilit niyang pinapakalma ang sarili dahil alam niyang mahirap kumanta kapag kabado at ganoon pa ang suot.

Hindi niya namalayan ang pagdating ng dalawa pang makakasama niya na magpe-perform din. Laking gulat niya nang makita ang kasuotan ng mga ito, kaparehong-kapareho ng sa kanya. Mukhang sanay ang mga ito sa ganoon dahil hindi na pinatungan ng mga ito ang sexy outfit.

“Hi, there,” bati ng dalawa.

“Hello.”

“Saang club ka nagtatrabaho? Kami sa ‘*Temptress*’. Kaming dalawa ang star dancers doon kaya kami ang ipinadala dito. ’Yung kaibigan ng kaibigan ng groom-to-be ang contact namin. Ang daming pinagdaanan, pero sa huli pumayag na din si Mommy Lota, ang aming floor manager dahil mahal ang bayad. Ten thousand each kami dito so malaki rin ang cut ng club,” tuluy-tuloy na sabi ng isa na tila mas matanda sa dalawa.

Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman. Pero muli niyang pinaalala sa sarili na naipadala na niya sa tiyahin sa probinsya ang perang kabayaran para roon. Na ngayon ay napag-alaman niyang mas malaki pala kaysa sa ibinayad sa dalawa. Malamang dahil kakanta siya at hindi sasayaw, sa isip niya.

“Hindi ako nagtatrabaho sa kahit anong club, nakompromiso lang kaya nandito ako,” paliwanag niya sa dalawa.

“Siguradong hindi tayo magsisisi sa pagtanggap ng raket na ito. Balita ko, super guwapo at yaman ng bida sa gabing ito. Sana makalimutan niya ang kanyang pakakasalan kapag natikman niya ako.

Kung hindi man siya, kahit sino sa mga kaibigan niya!" pilyang anang isa pa.

Bago pa man makapagsalita si Melissa, dumating na rin ang pinakahihintay sa gabing iyon. Kasabay nitong dumating ang isa pang tila malapit na malapit nitong kaibigan. Narinig niya sa dalawa na si Ryan Castillo ang unang pumasok at sumunod ang isang taong sa newspaper pa lang niyang nakita—si Darren Vergara! Para pala rito ang stag party na iyon. Kaya ibig sabihin, ito rin ang kakantahan niya mamaya.

Palakpakan ang sampung naunang naroon. Pawang mayayaman ang magkakaibigan kung pagbabatayan ang mga nakaparadang sasakyan sa garahe ng townhouse.

Namanhid ang buo niyang katawan. Nasa likod silang tatlo ng stage na sinadyang ginawa sa salas ng bahay ngunit nasilip niya ang mga bagong dating. Nakita niyang muli ang lalaki sa diyaryo. Ang mukhang hindi nagpatulog sa kanya nitong nakalipas na mga gabi. Ang mga matang tinutukso siya sa kanyang panaginip. Hindi niya maunawaan kung bakit sa dinami-dami ng stag parties sa bansa ay roon pa siya napunta.

Kung hindi lang niya mahal na mahal si Carla, baka naisumpa na niya ito sa sobrang inis.

Narinig niya ang isang tinig mayamaya sa mikropono.

“Good evening, gentlemen! Thank you for coming tonight. This is a very special night for we are about to celebrate the first of the remaining nights that our beloved friend, Darren, has as a bachelor,” buong galak na pagsisimula ni Ryan sa gabi ng kasiyahan.

# 3

Nanatiling tikom ang bibig ni Darren habang nakikinig sa speech ng kaibigan. Walang expression na nababakas sa kanyang mukha na lalong ikinubli ng malamlam na ilaw sa paligid. Nitong umaga lang ay siya ang pinakamasayang lalaki sa buong mundo ngunit gumuho iyon kani-kanina lang. Tila wala na siyang naririnig sa mga pinagsasabi ng kaibigan. Manhid na ang kanyang mga pandama. Sumisingit lang sa kanyang balintataw ang nasaksihan kanina.

*Masayang-masayang binaybay ni Darren ang condo unit ng fiancée. Mamayang gabi ang stag party niya subalit pakiramdam niya ay tatamarin na siyang puntahan pa iyon dahil siguradong magdamag silang magpapakasaya ngayon ni Trixie.*

*Gayunpaman, kailangang makontrol niya ang sarili at sikaping hindi biguin si Ryan sa inihanda nito para sa kanya. Hindi bale, naisip niya, kapag nakasal na sila ng nobya, gabi-gabi na niya itong katabi.*

*Napangisi siya sa pilyong kaisipang pumasok sa isip. Binilisan niya ang paglakad at kinapa sa bulsa ang duplicate key niya sa bahay ng kasintahan.*

*Naroon ang fiancée, alam niya dahil bukas ang lahat ng ilaw maging ang sa silid na medyo nakaawang. Tumuloy muna siya sa kusina para ibabad sa yelo ang dalang champagne nang may marinig siyang mga halakhak. Hindi iyon tawa ng kanyang nobya. Napahakbang siya patungo sa pinanggalingan ng tunog.*

*"Ang galing mo. Please go on, please…" narinig niya nang nasa bukana na siya ng silid. Hindi siya maaaring magkamali, boses ni Trixie iyon. Puro halinghing na ang sumunod na bumingi sa kanya. Wala ito sa silid, kaya alam na niyang nasa banyo ito. Agad niya iyong tinungo at halos mabuwal siya sa nasaksihan. Ang pinakamamahal niyang babae na siyang dahilan kung bakit siya nagpakatino ay may katalik na estranghero habang ang mga katawan ng mga ito ay dinadaluyan ng malamig na tubig galing sa shower.*

*Liberated si Darren, pero iba pala kapag minahal mo ang nakita mong katalik ng iba. Nawalan ng kulay ang mukha ni Trixie pagkakita sa kanya, samantalang mahinahong kumalas dito ang lalaki na lalong nagpatiim sa bagang niya.*

*"Sweet, I'll just see you around some other time. I think you guys need to talk," paalam ng lalaki sa*

*fiancée niya. Dinaanan siya nito na parang walang nangyaring anuman.*

*Kabaligtaran ng nararamdaman, mahinahon niyang hinarap ang kasintahan. "Say your piece, Trixie."*

*"I'm so sorry, Darren. It happened so fast. I just saw him at the bar kanina and I don't know what came over me. We felt so hot for each other, then this happened. I'm so sorry I let this happen." Bakas ang guilt sa mukha nito dahil sa nagawa.*

*Hindi na niya nagawang pigilan ang sarili. "That's bullsh*t! But thanks to him, now I have proven it once again that you'll always be weak against temptations. Kahit sino, isang kalabit lang sa iyo, bumibigay ka na. Dapat noong una pa lang kitang nahuli, hindi na kita pinagbigyan. Kasalanan ko at naniwala ako sa mga alibi mo noon. Masyado akong nagtiwala sa iyo dahil akala ko sapat na ako at ang pagmamahal ko para maging kontento ka," nagngangalit ang mga litid sa leeg na sumbat niya.*

*"Darren, this won't happen again. I swear, please believe me. I love you," humihikbi pa ito habang nagmamakaawa sa kanya.*

*Subalit sarado na ang puso at isipan ni Darren.*

*Kahit hubo't hubad ito ngayon sa kanyang harapan ay wala na itong epekto kahit man lang sa katawan niya.*

*"Keep the ring, Trixie Santillian. For all its worth, you served me well in bed. You even showed me how much you adored this thing," malamig niyang sabi sabay turo sa zipper ng pantalon, "on numerous occasions. But I'm already getting bored with your performance. You love me? That's bullsh*t!"*

*"Sinasabi mo lang iyan dahil nasaktan kita, please let me make it up to you. I won't disappoint you this time."*

*"You don't know me that well." Umiling siya at inihagis sa kama nito ang duplicate key niya sa bahay na iyon. "And if for one minute, you think, you'll have the world know why the wedding won't push through, don't you dare. Believe me nobody would even think of taking you seriously ever again."*

Galit na galit na nilisan niya ang lugar na iyon na alam niyang hindi na niya kailanpaman babalikan pa.

Hindi pa rin humuhupa ang galit ni Darren habang papunta siya sa stag party niya. Siya mismo ang magsasabi sa mga kaibigan na hindi na matutuloy

ang kasal. *Pare-pareho talaga ang mga babae!* He swore never to be at a woman's mercy again.

Inalis niya ang nararamdaman sa pangyayari. Galit siya oo, pero hindi dahil nanghihinayang siya sa kinahinatnan nila. Galit siya dahil ego niya ang natapakan. Minahal niya ito at ito lang ang iginanti sa kanya? Hinding-hindi na siya muling paiisa sa mapagkunwaring mga babaeng iyan!

"Pare, natutulala ka diyan. Hindi mo pa nga nakikita ang mga sorpresa namin sa iyo, ah!" kantyaw sa kanya ni Ryan na nagpabalik sa kanya sa kasalukuyang nagaganap. Naroon pa rin ito sa gitna ng sala at may hawak na mikropono. "Ang mabuti pa siguro, huwag na nating paghintayin pa ang napakasuwerteng lalaki sa gabing ito. Huwag na nating bitinin pa sa pananabik. Heto na ang unang pagtatanghal mula kina Cara at Mia."

Masigabong nagpalakpakan ang lahat. Panay ang sipol ng mga naroon. Parang walang masamang nangyari sa kanya kanina. Nakikipagsabayan si Darren sa mga hiyawan habang nanatiling matalim ang tingin sa mga babaeng sumasayaw. Nais niyang magpakagago kahit ngayong gabi lang kaya mukha siyang nag-e-enjoy. Habang gumigiling ang dalawang dancers, isa-isa nitong nilalapitan ang mga naroon.

Unti-unti ring tinatanggal ang mga saplot sabay hawak at giya sa mga kamay ng naroon pahaplos sa halos hubad nang mga katawan. Lalong lumakas ang sigawan.

Nang tumapat kay Darren ang dalawa, sabay na nalaglag ang kapirasong telang tumatakip sa kaselanan ng mga ito habang patuloy pa rin ang erotikong pag-indayog ng mga katawan. Habang ang lahat ay sumisigaw sa sobrang kasiyahan sa nakikita, siya naman ay nanatiling nakatitig sa mga ito—matalim at malamig ang mga titig, may ismid sa labi. May galit din sa paraan ng pagsuri niya sa mga hubad na katawan na nasa harapan. Naalala niya ang mga ganitong palabas ni Trixie na malamang sa hindi ay ginagawa rin sa iba.

*Nakakatakot namang makatingin ang lalaking iyon.* Ito ang tumatakbo sa isipan ni Melissa habang nakasilip siya mula sa likuran ng entablado. Sandaling nakalimutan niya na kanina lang ay namanhid ang buo niyang katawan nang makita ang ginawa ng dalawang dancers. Naisip niyang sanay na sanay ang mga ito dahil star strippers nga sa club. Natakot din siya na baka hindi lang pagkanta ang inaasahan ng mga naroon na gawin niya. Hindi siya makakapayag doon! Siguro naman ay sapat na iyong ginawa ng dalawa na paghuhubad.

Ngayon ay mas natatakot siya sa tinatagong reaksyon ng Darren Vergara na iyon. He was larger than life in person that he was more terrifying. Mukha talaga itong galit at iyon ang ipinagtataka ni Melissa. Hindi ba dapat ay masaya ito dahil ikakasal na ito? Dasal niya na sana ay matapos na ang gabing ito.

Nag-final pose na ang dalawang dancers. Malakas ang hiyawan ng mga kalalakihan doon. "More! More! More!"

"Okay, mga pare, lumipat tayo ng venue. Doon natin ituloy ang palabas," aya ni Ryan sa mga kaibigan.

"Paano iyan, Darren, we'll go ahead with the two hot dancers. May isa ka pang sorpresa dito. She's all yours, pare. Last chance mo na ito para magloko bago ka matali," tatawa-tawa at pabulong na pamamaalam nito sa kaibigan.

"Salamat, pare. Don't forget to use protection in case you decide to go all the way with those two. Mukhang pag-aawayan ninyo pa sila," nakuha pa niyang sabihin kahit na muling naalala si Trixie sa huling tinuran ng kaibigan.

He was now more determined to embrace his

old bad ways with women and he would start with whoever this remaining surprise was. Alam niyang mahal ang ibinayad ng kaibigan dito kaya susulitin na niya.

Sa likod naman ng entablado, mas lalong kinabahan si Melissa. Silang dalawa na lang kasi ang natira sa townhouse. Mas panatag siya kaninang marami pang tao roon. Nag-aalsa ang kalooban niya sa kliyente ni Carla. Makikita talaga ng Ryan Castillo na iyan, isusumbong niya ito sa kaibigan niya. Alam niyang ito ang may pakana na iwan silang dalawa ng future groom para magkasarinlan.

Napagpasyahan niyang kalmahin ang sarili dahil iyon ang mas makakabuti at paniwalaang risonableng tao si Darren Vergara at madadaanan niya sa diplomasya ang sitwasyon. Kung anuman ang ikinagagalit nito kanina pa ay sigurado siyang wala siyang kinalaman doon at hindi sana nito sa kanya ibunton iyon.

# 4

"Start the show!" makapangyarihang utos ni Darren. How he hated women in this profession. Kapag nagkataon, ngayon pa lang siya makakatikim ng isang babaeng bayaran.

Dahan-dahang lumabas si Melissa mula sa pinagkukublian sa likuran ng entablado. Mula ulo hanggang paa siyang pinagtuunan ng mapanukso ngunit mapanghusgang titig ni Darren.

*So this is my precious surprise*, nasa isip nito. Suot pa rin niya ang trench coat kaya inakala ni Melissa na hindi siya nito babastusin dahil doon.

Mahabang katahimikan ang sumunod bago ito muling nagsalita. "How will I call you? We'll be spending the whole night so you might as well give me a name or else I'll end up calling you 'Sugar'."

"Melissa. That's my name. Call me that," mahinahon niyang tugon. Hindi niya alam kung paano niya nagawa iyon at nakuha pa niyang salubungin ang tingin nito—na nadiskubre niyang isang pagkakamali dahil tila siya nabato-balani ng mga mata nito.

Hindi nakaligtas kay Darren ang pagkatitig ni

Melissa. Lihim itong napangisi. Iniisip ng lalaki na hindi ito nagkamali ng hinala. Front lang ng babae ang pagiging aloof at demure. Nahuhulaan na nitong mamaya lang ay magmamakaawa na ang dalaga para angkinin.

Iba lang ang atake nito sa dalawang nauna. Sa tingin ni Darren, mukhang may pinag-aralan si Melissa kaya malamang high-class prostitute ang babae. May finesse sa pagkilos at pagsalita, bigatin siguro ang mga kliyente.

Samantalang si Melissa ay tila ngayon lang nakakita ng ganito kaguwapo at kalakas ng karismang lalaki. Mas malakas ang dating nito sa kanya ngayon kaysa noong nakita niya ito sa pahayagan.

“Is it really Melissa or it’s just one of the names you use? Anyway, call me Darren, you won’t forget it after tonight,” makahulugan nitong saad.

“I don’t know what you are trying to imply but I assure you that’s my given name and I won’t be seeing you after tonight, so I don’t need to remember your name,”  tugon niya sa pilit pinatatag na tinig.

Tumaas lang ang isang sulok ng bibig nito. “Have you seen those two? I expect a better performance from you. Mukhang mas mataas ang presyo mo so you ought to satisfy me and my curiosity.”

"I can do better than that without being cheap."

Akala siguro ng lalaki ay hindi siya sasagot sa mga verbal assaults nito. Siya pa, eh, magaling siyang debater noong college. She sensed an underlying insult kaya hinanda na niya ang sarili sa resbak nito.

"You have a sharp tongue, woman. I just hope it is still as sharp later when my thing already needs taming. And I intend that you do just that."

Hindi niya agad naintindihan ang sinabi nito at nang rumehistro ang pakahulugan nito ay agad namula ang mga pisngi niya.

"Bastos! Don't ever think that just because I was paid to be here, p'wede mo na akong insultuhin. I can't believe you got yourself a fiancée with that attitude of yours," galit niyang turan sabay talikod at lakad papunta sa pintuan. Bahala nang mademanda siya ng pahamak na Ryan Castillo na iyon!

Dahil sa narinig, nag-init ang punong-tainga ni Darren. Sinaklit nito ang braso ng dalaga sabay balya sa kanya sa pader.

"Not so fast, wench! You don't know anything about my fiancée and what's between us, so leave it out of your concern." Nagbabaga ang mga mata nito sa galit habang bilanggo siya ng buong katawan nito.

"Pakawalan mo ako, nasasaktan ako! Hindi ako pumunta dito para bastusin mo!" sigaw ni Melissa.

Ngumisi ito. "Relax, sugar. Wala pa akong ginagawa sa iyo, nasasaktan ka na."

Higit na malakas ito sa kanya kaya nauwi sa wala ang kanyang pagpupumiglas hanggang sa naramdaman na lang niya ang matigas na bagay na nakadiin sa bandang puson niya. Tumatagos ang init na nagmumula roon kahit na makapal ang coat na suot pa rin niya.

Namilog ang mga mata niya sa kabiglaan.

Lumawak ang ngiti nito. "Like it, sugar? Let's have a truce. We can spend the night however you want it. Be as meek as a sheep, or as wild as the tiger. You choose. Let's play your game. I can only promise that you'll be begging for more and next time, I bet you'll even give your services for free," tiwalang sambit ni Darren.

Naguguluhan na rin ang binata sa nangyayari sa sarili. Nagtataka siya dahil natutuwa siya sa palitan nila ng mga salita. May kakaibang reaksyon din ang katawan ni Darren sa kaharap. Gusto niya ang tapang ng babae. For the first time, na-challenge siya.

"To hell with you and your propositions! There

is no way you can force me to spend the night here! Play with somebody else. Ngayong buo na sa isipan mo na masama akong babae, why would you still want me? Can't fight the urge, huh, lover boy?" sikmat ng dalaga kahit natatakot na.

Naningkit pang lalo ang mga mata nito. "That's more like you. Lumabas din ang pagiging bayaran mo. I see you chose the night to be wild, then so be it!"

"You still didn't get it, did you? I am not—"

Natigilan siya nang magsimulang maglakbay ang mga kamay ni Darren mula sa mukha niya pababa sa leeg, sa balikat. Nanigas yata siya nang damhin nito ang isa niyang dibdib, habang ang isang kamay ay pinaglandas sa hita niya. Kahit may suot siyang trench coat, tumagos sa balat niya ang init ng haplos nito. Nanatiling nakatitig sila sa isa't isa. Hinuhusgahan ng lalaki ang bawat reaksyon niya sa ginagawa nito.

Ngayon lang siya nahawakan ng isang lalaki at hindi niya maintindihan ang sensansyong idinulot nito sa kanya. Kinakabahan man ay hindi siya natakot. Hindi pa rin siya makakilos dahil sa sobrang lakas nito na dagdagan pa ng panlalambot ng mga tuhod niya.

Nang bumalik siya sa tamang wisyo, tinangka na niyang itulak ito. Ngunit hindi ito natinag. Sa halip, walang anumang tinanggal nito ang trench coat niya. Nalantad ang mahubog niyang katawan na halos hindi na natatakpan ng kakarampot na tela. Bahagyang umatras si Darren para mapagmasdan siya.

"So this is the body that lures men to spend a fortune. Ryan really chooses well."

Bago pa siya nakaiwas, nahila na siya ni Darren papasok sa isang silid. Ni-lock nito ang pintuan at inilagay ang mga susi sa bulsa ng suot na pantalon.

"Let go of me, please. I'm not what you think I am," pagmamakaawa na ni Melissa dahil natatakot na talaga siya. Naisip niyang daanin ito sa pagmamakaawa at baka mahimasmasan ito sa kamunduhan na bumabalot dito.

Pinakawalan siya ng lalaki, pero dahil nakakandado ang pinto, hindi siya makakalabas. Kampanteng naupo ito sa gilid ng kama at pinanood siya.

"Please, mister. Palabasin mo na ako."

Umiling ito habang nakatitig sa kanya at unti-unting hinuhubad ang suot na long sleeves. "No, I won't let you go, not just yet. Not after I've touched

what you have to offer. I haven't felt and tasted you yet, so stop playing coy now. Pasalamat ka nga, I am decent enough to plan to take you in a bed and not outside on the floor."

Nag-init muli ang mukha niya. "You call yourself decent? Heavens! Hindi mo ba maintindihan. Hindi ako kagaya ng dalawang iyon. I was here to entertain you, all right, pero kakanta lang ako and nothing more," paliwanag ni Melissa. Inilabas na niya lahat ng galing niya sa pakikipag-usap.

Saglit na natigilan si Darren. For reasons he could not comprehend yet, parang nais na niyang maniwala sa dalaga. Subalit dalang-dala na siya sa mga gimmick ng mga babae. Katulad din ito ni Trixie na doble kara.

"You can still sing to me while I'm enjoying your body. You'll make this really very happy, sugar." Itinuro nito ang nakaumbok na bahagi ng pantalon nito.

"Paulit-ulit na lang ang usapang ito. Paulit-ulit mo lang akong binabastos sa mga sinasabi mo."

Pagalit na uli ang atake niya. Kahit yata maglupasay pa siya sa galit at lumuhod sa pagmamakaawa ay sarado na ang isip nito sa mga paliwanag niya.

Samantalang si Darren ay amused na talaga sa mga nangyayari. Kahit masamang babae ang nasa harapan niya, gusto pa rin niya itong maangkin. Naniniwala pa rin siyang nagkukunwari lang ito, pero kapag ibinigay na niya ang gusto nito ay pasasalamatan pa siya. Makipagtalik man siya rito, hindi siya makokonsyensya. To hell with being faithful to his unfaithful ex-fiancée.

"Why are you overreacting to this, sugar? What have you got to lose if we'll have sex? You've done this so many times already and I suppose you keep a record of who's the best lover you've had. I'm willing to challenge whoever he is. Let me prove it to you."

Iyon na yata ang pinakamasakit na insultong natanggap niya. Gigil na sinugod niya ito ng sampal. Hindi iyon inaasahan ni Darren kaya nasapol niya ito sa mukha ngunit bago pa makadalawa si Melissa ay nahuli na ng binata ang dalawa niyang mga kamay at sabay tulak sa kanya pahiga sa kama, kasunod ang katawan nito na dumagan sa kanya. Halos mapugto ang kanyang hininga sa bigat nito.

"How dare you insult me like that!" Nagliliyab pa rin ang mga mata niya sa galit.

"You find that offensive, sugar? I wonder what doesn't." Naging mapanukso ang anyo nito na kanina lang ay galit dahil sa natamong sampal. "I knew it,

you'll feel good under me," anas ni Darren at unti-unting bumaba ang bibig sa kanya. Iniiwas niya ang mukha. Sandali naman itong tumigil ito at tumitig sa mga labi niya.

"I don't kiss new acquaintances on the mouth but I can't resist not doing it to you," anito. At bago pa nakahuma si Melissa sa sinabi nito, sinakop na ng bibig nito ang basal niyang mga labi habang buong layang naglakbay ang mga kamay nito sa kabuuan niya. At dahil wala siyang karanasan sa nagaganap…

"Respond, sugar. Para ka namang tuod niyan," he whispered, chuckling. "Has it been a while since the last time?"

Nadadala na siya sa magkakahalong sensasyon na binubuhay nito sa kanya. Nagugustuhan ng katawan niya ang ginagawa ng lalaki. Gayunpaman dahil sa insulto nito, nakuha niyang itulak ito at bumangon.

"What is it? Are you playing hard to get again?" pang-uuyam ng lalaki.

Ayaw na niyang maging marahas ito dahil mas lalo siyang walang laban kaya kailangan niya ng panibagong strategy para makawala rito.

"Okay, you win. I realized that you'd be a great lover. Who knows you might surpass my

expectation so why not experience it and make the most of this wonderful evening." Ginalingan niya ang pagkakasabi niyon. "I just want to celebrate this, so let me get us something to drink to calm our nerves. Nakakapagod ding makipagpalitan sa iyo ng maaanghang na salita."

Tumayo ito para buksan ang sinusiang pintuan kanina. Na kay Darren ang lahat ng mga susi kaya alam nitong hindi siya makakatakas.

"I know you'll see sense. Be back within a minute." Tumayo ito at tumuloy sa banyo. Dali-dali siyang lumabas sa silid at kinuha ang alak sa refrigerator. Nagsalin siya sa dalawang kopita at huminga nang malalim bago bumalik sa silid.

"What took you over a minute, sugar?" malambing na bati sa kanya nito pagpasok niya.

"I made sure we'll enjoy this drink," sagot niya sabay abot dito ng kopita ng alak.

Bagong shower ito at nakatapis lang kaya asiwang-asiwa siya. Pilit lang siyang nagkunwaring hindi apektado. Mabilis nitong naubos ang inumin. Hindi man lang ito tinablahan ng alak kaya kinabahan siya. Lumalaro sa isipan ni Melissa na kailangang maaliw niya ito para makalimutan nito ang kanina pang nais nitong gawin nila.

"Will you let me sing the song I have prepared for you before anything else?" malamyos niyang tanong dito.

Kanina pa handang-handa ang alaga ni Darren na angkinin ang dalaga. Ganunpaman ay nagkontrol ito. "All right, let me hear you sing first before I hear you moan with pleasure later." Ngumiti ito muli nang pilyo.

She was biding time to have at least a chance to escape kaya pinalampas niya ang tinuran nito. Sinimulan niyang kumanta.

Ngunit bago pa man niya matapos ang chorus ng 'How Did You Know?' ay lumapit na sa kanya si Darren. Hindi na nito napigilan ang sarili. She was a sight to behold!

Nais na niyang mapatunayan sa sarili na mali siya sa pagkakakilala sa dalaga at isa lang ang paraang alam niya sa kalagayan nila ngayon. He gave her the benefit of the doubt kaya kailangang patunayan ng dalaga ang sarili. May nais din siyang tiyakin sa sarili.

"No more games, Melissa," sa unang pagkakataon ay banggit nito sa pangalan niya. "I want to have you now." Marahan ngunit puno ng determinasyon ang tinig nito. Bago pa siya nakaiwas, hinalikan na siya

ng binata habang akay siya pahiga sa kama. Pikit-matang tinanggap ng dalaga ang mga iyon.

Banayad man ang halik ay nagpanginig pa rin iyon sa bawat sulok ng kanyang katawan. At naiinis si Melissa sa sariling reaksyon. Naguguluhan naman si Darren sa epekto sa kanya ng estranghera.

"Open your mouth, Melissa. Be honored that I find your lips so sweet," he uttered against her lips, "'Sugar' suits you. I wonder how this remained tasting like this after all the men that have savored its sweetness."

Nasasarapan na nga ito, iniinsulto pa rin siya. Kung alam lang nito na ito pa lang ang nakagawa sa kanya ng mga pinaggagagawa nito, ay baka mas lalong lumaki ang ulo nito. Pinagpasyahan niyang huwag na magpahalata at makipagsabayan na lang dito.

"I give it to you, lover boy. You're so good," anas niya.

Sandaling tumayo si Darren mula sa pagkakadagan sa kanya. Bale-wala itong naghubad sa harap sa dalaga.

Napatawa ito. "Am I seeing this? You're actually blushing at lumalaki ang mga mata mo sa pagkamangha. Ah, I get this. You're sizing me up.

Making comparisons with your previous lovers, sugar?"

Sugar na naman. Kanina pa siya kinikilabutan sa katatawag nito ng ganoon sa kanya. Para sa kanya masyadong sensual ang dating ng pagbanggit nito niyon. Nakuha na rin nitong tanggalin ang lahat ng kasuotan niya sa kabila ng kanyang pagtutol. Hindi man lang nito pinatay ang ilaw kaya para siyang mamamatay sa hiya.

"I want to see all of you as you can see all of me," mapang-akit nitong saad. Para siyang sinisilaban sa magkakahalong hiya, kaba at kakaibang sensasyong nadarama.

"You're so beautiful all over, sugar," he groaned. "Let me taste you here." Dumapo ang halik nito sa dibdib niya.

"Let me feel you here." Bumaba ang mga daliri nito sa kaselanan niya. Masyadong intimate ang ginagawa nito kaya tinangka niyang alisin ang kamay nito roon ngunit mariin itong tumanggi.

*Lord, please let it happen before I can no longer fight this*, piping dasal niya.

"I'm also not into long foreplay but I want to experience it with you," usal ni Darren.

Sandali itong tumigil para magsuot ng proteksyon.

“Sugar, do this for me.” Kinuha nito ang kamay niya para siya ang magsuot dito ng condom. Hindi niya alam kung ano ang gagawin. Napatawa ito. “Sugar, hold it. It won’t bite.”

Nakukuha pa nitong magbiro samantalang siya ay hiyang-hiya sa pinapagawa nito. Nagawa rin niya ang utos nito sa kabila ng kaba.

“Start feeling me yourself. I can’t believe you’re still acting shy. Get over it,” puna nito.

Hindi na niya napigil ang mga kamay. Dinama niya ang mga balikat nito. Matipuno ang pangangatawan ng lalaki. Parang kayang-kaya siyang ipagtanggol. And she reveled at the pleasure of hearing the sounds he was making because of her touch.

Natigilan si Melissa nang maramdaman ito sa puson niya. Muling bumalik ang takot niya.

“Feel that? It’s begging to get inside you.” Narinig nito ang pagsinghap niya na ipinagkamali nitong pagmamadali niya.

“Later, sugar.” Patuloy ang paglalakbay ng labi nito at mga kamay sa buo niyang katawan.

Pakiramdam niya wala na itong hindi pa nadadama.

Ngunit mayamaya, bumagal ang mga kilos nito. Mabigat na mabigat ang talukap ng mga mata ni Darren. At bago pa nito naisakatuparan ang balak, napasubsob na ito sa dibdib ng dalaga at hindi na kumilos.

Nagmamadali niyang tinulak ito at bumangon mula sa kama.

"Thank You, Lord. You're just in time. Muntik na akong maisahan!" sambit niya.